

## Sino ang maaaring magka-TB?

May mga taong may TB sa bawat bansa. Pinakakaraniwan ang TB sa Asya, Africa, Latin America, at Silangang Europa; kaya, karamihan sa mga nahahawa at nagkakasakit ay nagmumula sa mga bahaging ito ng mundo.

Lahat ng taong nagmumula sa mga bansang karaniwang sakit ang TB, ay kinakailangang magpasuri para sa TB sa kanilang pagdating sa Norway. Ang mga pagsusuri ay isasagawa ng mga kawanihang pangkalusugan sa munisipyong iyong tinitirhan.

## Bakit maraming tao ang takot sa TB?

Ang dahilan kung bakit maraming tao ang natatakot sa TB ay karaniwang hindi sapat ang kanilang nalalaman tungkol sa sakit na ito. Ang mga taong hindi sapat ang nalalaman ay umaasa sa kani-kanilang pang-unawa at gumagawa ng kani-kanilang paliwanag. Halimbawa, maraming tao ang takot na mahawaan ng TB dahil hindi nila alam na ang mga payenteng may TB na araw-araw umiinom ng kanilang gamot ay hindi makapanghahawa sa iba.

Kaya, maraming pasyenteng may TB ay natatakot at itinatago ang kanilang sakit. Natatakot sila na kapag nalaman ng iba na may TB sila ay iiwasan na sila, tatanggap sabayan sila sa pagkain, at iba pa. Minsan ang mga taong may sintomas ng TB ay natatakot din sa ganito, at maaaring makapigil ang takot na ito na sila'y magpatingin sa doktor para malaman kung ano ang karamdaman nila.

Kapag ang mga tao ay nalalaman ang tungkol sa TB at alam nila na ang mga pasyente ay hindi nakakahawa ng iba kung umiinom sila ng mabisang gamot sa TB, mapapanatag sila. Magagawa rin nila na alagaan at suportahan nang mas mabuti ang mga taong may TB.

Nais mo bang malaman ang higit pa tungkol sa TB? Bisitahin ang mga web sites ng Folkehelseinstituttet ([www.fhi.no](http://www.fhi.no)) o LHL ([www.lhl.no](http://www.lhl.no)).

Sa web page na [www.lhl.no/no/Om-LHL/Stopp-tuberkulosen/Helsekommunikasjon](http://www.lhl.no/no/Om-LHL/Stopp-tuberkulosen/Helsekommunikasjon) makahahap ka rin ng mas mahabang bersiyon ng polyetong ito sa ilang wika.



**Oslo kommune**  
Utdanningsetaten  
Oslo Voksenopplæring



Postboks 4375 Nydalen, 0402 Oslo  
Address na bibisitahin: Sandakerveien 99, Oslo  
Telepono: 22 79 93 00  
E-mail: [post@lhl.no](mailto:post@lhl.no)  
URL: [www.lhl.no](http://www.lhl.no)

## Ikaw ay mapapagaling sa sakit na tuberculosis (tisis)



TAGALOG (FILIPPINSK)

## Ano ang TB?

Ang tuberculosis (TB o tisis) ay isang sakit na dulot ng bacteria. Ang bacteria ay maliit, at di-nakikitang organismo na matatagpuan kahit saan, pati sa loob ng katawan ng mga tao. Karamihan ng bacteria ay walang masamang naidudulot, bagkus ay nakatutulong pa. Ngunit may ilang bacteria na mapaminsala at maaaring magdulot ng mga karamdamang tinatawag nating mga impeksiyon. Ang bacteria na nagdudulot ng TB ay ganitong uri ng bacteria. Kung maikakapit ng bacteria ang kanilang sarili sa isang bahagi ng katawan, doon sila dumami, at hindi magawa ng katawan na ipagtanggol ang sarili nito, maaari kang magkasakit ng TB.

Pinakakaraniwang magkaroon ng TB sa baga, pero maaari ka rin magkaroon nito sa ibang bahagi ng katawan (halimbawa sa mga buto, sa mga lymph node, o sa utak).

- **Ang TB ay sakit na nalulunasan at nagagamot**
- **Ang mga gamot para sa TB ay libre para sa lahat ng taong naninirahan sa Norway**

## Papaanong ginagamot ang TB?

Ang TB ay nilulunasan sa pamamagitan ng mga gamot, karaniwan ay tableta. Sa Norway, ang mga gamot na ito ay walang bayad. Karamihan sa mga pasyente ay kinakailangang uminom ng gamot araw-araw sa loob ng anim na buwan, pero minsan mas mahaba ang gamutan. Kadalasan, may health worker na magpupunta sa iyo araw-araw para ibigay sa iyo ang iyong gamot. Makaraan mong matapos ang gamutan, magagamot ka na.

## Papaano kang mahahawaan ng TB?

Ang TB ay kumakalat sa hangin sa pamamagitan ng napakaliit na patak (na hindi mo makikita). Ang maliit na patak na ito ay nagmumula sa ilong at bibig ng taong may nakahahawang TB, at kumakalat ang mga ito sa hangin kapag ang taong ito ay umuubo, bumabahing, o nagsasalita. Ang TB bacteria ay nasa loob ng ilan sa mga patak na ito. Kapag may ibang tao na hihinga sa hangin na ito, maaaring makapasok ang ilang patak sa kanilang katawan at umabot sa kanilang baga.



Hindi mabilis kumalat ang TB bacteria, kaya karaniwang nagaganap ang pagkahawa sa mga taong magkasamang naninirahan sa bahay. Tanging TB sa baga at isang biharang anyo ng TB sa lalamunan ang naipapasa sa ibang tao. Hindi ka maaaring mahawaan ng taong umiinom ng mabisang gamot sa TB ng 2–3 linggo.

## Iilan lang sa mga nahawaan, ang nagkakasakit

**Ang mga taong nahawaan ng TB bacteria ay hindi agarang nagkakasakit.**


Tinatantiya na may 1/3 ng tao sa mundo ang may TB bacteria sa kanilang katawan, pero iilan lang ang nagkakasakit. Ang dahilan kung bakit ilan sa mga nahawaan ang nagkakasakit ay dahil mabababa ang kanilang panlaban sa sakit. Ang mahinang panlaban ay maaaring dulot ng iba pang sakit, stress, pagbago sa lagay ng panahon, di-masustansiyang pagkain, pagbago sa kinakain, o iba pang dahilan. Maaaring abutin ng ilang taon bago magkasakit ang taong nahawaan.

Kung ikaw ay nahawaan ng bacteria, pero hindi nagkakasakit, maaaring ipayo sa iyo ng doktor na uminom ng gamot sa TB sa maikling panahon (karaniwang tatlo o anim na buwan). Ito ay ginagawa para maiwasang magkasakit ka sa kalaunan. Ang naturang pangagamot ay tinatawag na preventive TB treatment (mapang-iwas na pangagamot para sa TB). Ang pangagamot na ito ay kusang-loob. **Ang mga taong sumasailalim sa preventive TB treatment ay walang sakit, at hindi makapanghahawa ng iba.**

## Paano mo malalaman kung may TB ka?

Ang taong may ubo ng 2–3 linggo ay maaaring may TB sa mga baga niya. Ang pinakakaraniwang palatandaan ng TB sa baga ay:

- Pag-ubo na may plemang nagmumula sa kailaliman ng baga, minsan ay may kasamang dugo
- Pananakit ng dibdib



Umuubo

Iba pang karaniwang palatandaan ng TB – kapwa ang TB sa baga at TB sa ibang bahagi ng katawan – ay:



Walang ganang kumain  
Pagbawas ng timbang/  
pangangayayat




Pakiramdam ng panghihina at pagkapagod



Matagal nang nilalagat



Pinagpapawisan sa gabi



Pamamaga sa leeg, sa kili-kili, o sa singit

Ang mga ito ay karaniwang palatandaan din ng ibang sakit. Kaya, para makatiyak na ito ay TB, kailangan mong sumailalim sa magkakaibang pagsusuri. Ang taong mayroon ng isa o higit pa sa mga sintomas na ito ay kinakailangang magpatingin sa doktor!

Ang taong may TB ay karaniwang hindi taglay ang lahat ng sintomas na ito. Ang ilan ay may mahihinang sintomas lang.

## Ano ang dapat mong gawin kung naghihinala kang ikaw ay may TB?

Kung hinihinala mong may TB ka, kailangan mong magpatingin sa doktor, sa emergency room (legevakten) o sa health service (klinika) sa iyong komunidad, sa lalong madaling panahon. Kung mas maaga kang magsimulang magpagamot, mas maaga kang mapapagalang.

Upang malaman kung ang isang tao ay may TB, maaaring sumailalim sa ilang pagsusuri. Ang pinakakaraniwan ay x-ray ng mga baga, pagsusuri sa balat (tinatawag itong Mantoux), at/o pagsusuri sa dugo. Kung lalabas sa mga pagsusuri na ikaw ay nahawaan ng TB bacteria, ipapasa ka sa isang espesyalista sa ospital.